ANG DIYOS NINA ABRAHAM, ISAAC, AT JACOB

(Sabado—Unang Sesyon sa Umaga)

Mensahe Pito

Pinili, Tinuos, at Binasag

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 25:22-23; 31:38-41; 32:22-32; 34:30

I. Si Jacob ay pinili ng Diyos; kaya, kay Jacob ay makikita natin ang pagpili ng Diyos—Gen. 25:21-26; Roma 9:11:

A. Inibig ng Diyos si Jacob at pinili siya—b. 13; Mal. 1:2; Efe. 1:4; 2:4.

B. Si Jacob ay pinili bago ang kanyang kapanganakan, bago pa ang pagtatatag ng sanlibutan—Gen. 25:22-23; Efe. 1:4:

1. Si Jacob ay pinili ng Diyos; hindi ito dahil sa kanyang sariling mga gawa, ni hindi ito resulta ng kanyang sariling pakikipagbuno at pakikipagtunggali—Gen. 25:22-23, 26.
2. Ang pagkakapili kay Jacob ay mula sa Diyos na tumatawag, mula sa awa ng Diyos, at mula sa biyaya ng Diyos—Roma 9:11.

C. Tulad ni Jacob, tayo ay pinili, hinirang, bago ang pagtatatag ng sanlibutan—Efe. 1:4; 2 Tes. 2:13; Juan 15:16a:

1. Si Kristo ang kinasasaklawan kung saan tayo ay pinili ng Diyos—Efe. 1:4.
2. Pinili tayo ng Diyos ayon sa Kanyang paunang kaalaman—1 Ped. 1:2; Roma 8:29.
3. Ang pagpili ng Diyos ay nakadepende sa Kanyang soberanong awa; bilang mga pinili ng Diyos, dapat nating ipaubaya ang ating sarili sa Kanya at magtiwala na dadalhin Niya tayo sa punto kung saan tayo ay kalugod-lugod sa Kanya—9:11-13, 16.
4. Ang pagpili ng Diyos sa atin sa nakalipas na kawalang-hanggang ay sinundan ng Kanyang pagtatalaga at ng Kanyang pagtawag sa atin sa loob ng panahon—8:28-29; Efe. 1:5.
5. Tayo ay pinili at tinawag para sa layunin ng Diyos—Roma 9:11; 2 Tim. 1:9:
   a. Inihahayag ng Genesis 1:26 na ang layunin ng Diyos sa Kanyang paglikha sa tao ay upang ihayag Siya ng tao sa Kanyang larawan at ikatawan Siya sa Kanyang kapamahalaan.
   b. Ang layunin ng Diyos para kay Jacob ay ang tuosin siya hanggang sa siya ay matransporma upang maging isang prinsipe ng Diyos, na nagtataglay ng Kanyang larawan upang ihayag Siya at nagpapatupad ng Kanyang kapamahalaan upang ikatawan Siya; ito ang gol ng Diyos—47:7, 10.

II. Ang buhay ni Jacob ay isang buhay na kumakatawan sa mga pagtutuos ng Diyos, at ang Diyos ni Jacob ay ang Diyos ng mga pagtutuos—31:38-41:

A. Itinalaga ng Diyos si Jacob na mamuhay ng isang buhay ng pakikipagbuno sa lahat ng kanyang araw; mula sa sinapupunan ng kanyang ina hanggang sa pagtatapos ng kanyang buhay, siya ay nakikipagbuno—25:22-26; 27:1-29, 41-46; 28:1-5; 29:1—36:43.

B. Sa buhay at karanasan ni Jacob ay makikita natin ang mga pagtutuos ng Diyos—25:19—32:21:

1. Soberanong isinaayos ng Diyos ang mga pangyayari sa buhay ni Jacob; ang soberanong kamay ng Diyos ay na kay Jacob upang tuosin siya.

2. Ang pagtutuos ng Diyos kay Jacob ay hindi pagpaparusa ng Diyos; sa halip, ito ay para sa layunin ng pagtatransporma kay Jacob tungo sa pagiging Israel—b. 28.
3. Sa ilalim ng pagkasoberano ng Diyos, sa pamamagitan ng mga pagdurusa sa kanyang mga sirkumstansiya at sa pamamagitan ng tuwirang pagtutuos ng Diyos, si Jacob ay natransporma at gumulang kung kaya't siya ay naging Israel—35:10.

C. Ang kasaysayan ni Jacob ay isang larawan ng pagdidisiplina ng Espiritu Santo—47:9; 48:15-16a; Heb. 12:9-11:
1. Ang pagdidisiplina ng Espiritu Santo ay tumutukoy sa ginagawa ng Espiritu Santo sa ating panlabas na kapaligiran, sa Kanyang pagsasaayos ng lahat ng tao, bagay, at pangyayari, na sa pamamagitan ng mga ito ay nadidisiplina tayo—Roma 8:28.
2. Sa pamamagitan ng pagdidisiplina ng Espiritu Santo, lubusang ginigiba ng Diyos ang ating lumang nilikha upang ang elemento ng bagong nilikha ay maitayo sa loob natin.
3. Habang ang ating natural na buhay ay tinutuos sa pamamagitan ng pagdidisiplina ng Espiritu Santo, si Kristo ay ibinubuo tungo sa loob natin—Gal. 4:19; Efe. 3:17a.
4. Lahat ng bagay at lahat ng tao sa ating kapaligiran ay mga instrumento ng pagkasoberano na ginagamit ng Diyos para sa ating transpormasyon—Roma 8:28.

III. Isinasalaysay ng Genesis 32:22-32 ang isang importante at napakahalagang karanasan sa buhay ni Jacob—ang kanyang pagiging nabasag:

A. Nakipagbuno ang Panginoon kay Jacob upang maihantad sa kanya kung gaano siya kanatural at kung gaano kalakas ang kanyang natural na kalakasan—b. 24:
1. Hinipo ng Panginoon "ang kasukasuan ng [balakang] ni Jacob sa [kalamnan] ng [hita]" (b. 32); ang paghipo sa kasukasuan ng balakang ni Jacob sa kalamnan ng hita, ang pinakamalakas na kalamnan sa katawan, ay sumasagisag sa paghipo sa natural na buhay ni Jacob, sa kanyang natural na kalakasan—b. 25.
2. Pagkatapos mabasag ng Diyos si Jacob, sa panlabas ay katulad pa rin siya ng dati, ngunit sa panloob ay natuos na ang kanyang natural na buhay; hindi ang panlabas na pamumuhay ang hinipo ng Panginoon kundi ang panloob, ang natural na kalakasan ang binasag Niya—33:1-4; 32:25, 32.

B. Ipinakikita sa atin ng karanasan ni Jacob na kailangang basagin ng Diyos ang ating natural na buhay, na kailangan Niyang hipuin ang ating natural na buhay sa isang drastikong paraan—bb. 22-32:
1. Ang paraan ng relihiyon ay ang baguhin ang panlabas na paggawi ng tao; ang paraan ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang hipuin ang panloob na buhay ng tao upang mabago ang kanyang panloob na katauhan—2 Cor. 4:16.
2. Kapag hinipo tayo ng Panginoon sa isang mahalagang bahagi, tayo ay napipilay at hinding hindi na magiging katulad ng dati sa ating panloob na katauhan; mula sa panahong iyon, tayo ay lalakad nang papilay-pilay at hindi na buo—Gen. 32:25, 31.

C. Kailangang maranasan ng bawat mananampalataya ang pagbabasag ng panlabas na tao—Heb. 4:12:
1. Upang mapalaya si Kristo mula sa pambibilanggo ng kaluluwa, ang ating panlabas na tao ay dapat mabasag—Efe. 3:16-17.
2. Ang ating panlabas na tao ay kailangang mabasag para sa pagpapalaya ng espiritu—Heb. 4:12.
3. Upang magkaroon ng dalisay na pagdaloy ng buhay ng Diyos mula sa loob natin, dapat tayong mabasag—Juan 12:24-26; 19:34; 7:37-39; Exo. 17:6-7:

a. Ang paggawa ng kamatayan sa loob natin, na binanggit sa 2 Corinto 4:12, ay ang ating pagiging nabasag.
b. Kailangan ng Panginoon ng mga basag na sisidlan upang maging mga daluyan ng buháy na tubig; higit tayong nababasag, higit na dadaloy ang buhay ng Diyos palabas sa atin—Juan 12:24-26.

4. Ang bawat bahagi ng ating kaluluwa ay kailangang mabasag ng Diyos—Mat. 16:24-25:
   a. Ang mabasag ang kaluluwa ay hindi nangangahulugang hindi na natin gagamitin ang ating kaisipan, ihahayag ang ating mga damdamin, o eensayuhin ang ating pagpapasya—1 Tes. 5:23.
   b. Ang ating kaisipan, mga damdamin, at pagpapasya ay magpapangsyon pa rin, subalit ang mga ito ay nabasag na, yaon ay, natuos, nasupil, at ginawang nagpapasailalim sa ating espiritu—2 Cor. 4:16; Efe. 4:23; 2 Tim. 1:7.
5. May pangangailangan para sa pagbabasag ng "alabastrong sisidlan ng ungguwento na purong nardo na totoong mamahalin," na naglalaman ng "mamahaling ungguwento," nang sa gayon ang ungguwento na purong nardo ay mapalaya at ang bahay ay "mapuno ng halimuyak ng ungguwento"—Marc. 14:3; Mat. 26:7; Juan 12:3:
   a. Malibang ang sisidlan (ang panlabas na tao) ay mabasag, ang ungguwento na purong nardo ay hindi mapalalaya—Marc. 14:3.
   b. Hindi natin dapat ingatan ang ating sarili, itinuturing ang sisidlan na mas mahalaga kaysa sa ungguwento; hindi natin dapat ituring ang ating panlabas na tao na mas mahalaga kaysa sa ating panloob na tao—Mat. 26:7; 2 Cor. 4:16.
   c. Kung ang panlabas na bahagi ay hindi nabasag, ang panloob na bahagi ay hindi mapalalaya; kung ganito ang ating sitwasyon, mawawalan tayo ng daan upang magpatuloy, at mawawalan din ang ekklesia ng daan upang magpatuloy—Juan 12:3.
6. Ang gawain ng Diyos ng pagtatayo ng Kanyang sarili sa loob ni Kristo tungo sa loob natin ay nangangailangan ng pagbabasag ng panlabas na tao—Efe. 3:16-17a.
7. Ang pagbabasag ay isang paunang kahingian para sa pagtatayo—Mat. 16:18; Efe. 4:16:
   a. Upang maitayo ang ekklesia, kailangan nating maranasan ang pagbabasag ng panlabas na tao—2:21-22.
   b. Kung makikipagkoordina tayo sa iba sa paglilingkod, kailangan nating maging laan na mabasag; kung walang pagkabasag, ang koordinasyon ay imposible.
8. Tulad ni Pablo, kailangan nating mabasag sa ilalim ng pangitain ng Katawan at matanto na ang tanging paraan upang tayo ay maitayo sa Katawan ay ang mabasag—Gawa 9:1-31; Efe. 4:16.

© 2026 Living Stream Ministry